

Buod ng Pinansiyal na Tulong

Ang Aming Pangkalahatang Patakaran sa Pinansiyal na Tulong:

Ginagamot ng HMC ang mga emerhensiya at iba pang hindi opsyonal (non-elective) na pasyente kahit ano pa ang kanilang kakayahang magbayad o mayroon man silang proteksiyon ng seguro sa ikatlong partido o wala. Sa ilalim ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong ng aming pasilidad, nagkakaloob kami ng pinansiyal na tulong para sa pangangalagang pang-emerhensiya at pangangalagang kinakailangan sa paggamot ayon sa kahulugang ibinibigay ng Mga Sentro para sa mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid (CMS). Nagbibigay ang Patakaran sa Pinansiyal na Tulong ng mga alituntunin para sa pinansiyal na tulong sa mga pasyenteng nagbabayad mula sa kanilang bulsa na tumatanggap ng mga hindi opsyonal na serbisyo batay sa pinansiyal na pangangailangan (nadiskuwentuhang pangangalaga) at dagdag sa mga iba pang diskuwentong iniaalok ng HMC. Kung kwalipikado kayo para sa pinansiyal na tulong sa ilalim ng aming patakaran, makakatanggap kayo ng libre o iba pang nadiskuwentuhang tulong ayon sa sumusunod na panukatan:

| Pederal na Antas ng Kahirapan ng Sambahayan sa Hawaii | % ng Pagbaba ng mga Sinisingil |
|---|--------------------------------|
| 100% -200% | Ganap na libre (100%) |
| 201% - 250% | 75% diskuwento |
| 251% - 300% | 50% diskuwento |
| 301% - 400% | 25% diskuwento |
| 401% at mas mataas | Walang diskuwento |

Upang Mag-apply para sa Tulong:

1. Kunin ang aming Aplikasyon para sa Pinansiyal na Tulong.
2. Sagutan ang aplikasyon at isumite ito sa Hilo Medical Center kasama ang mga pansuportang dokumento tulad ng nakalista sa "Aplikasyon para sa Pinansiyal na Tulong". Upang maproseso sa tamang panahon, pakibalik ang mga dokumento sa loob ng 15 araw.
3. Mapoproseso ang mga kumpletong aplikasyon sa loob ng 30 araw pagkatanggap sa mga ito.
4. Ipadadala sa inyo sa koreo ang sulat tungkol sa desisyon sa sandaling maproseso ang aplikasyon.
5. Kung maaprubahan, may bisa ang mga aplikasyon nang 120 araw mula sa petsa ng aplikasyon sa parehong taon ng kalendaryo.

Paano Kukuha ng mga Kopya ng aming Patakaran sa Pinansiyal na Tulong at Aplikasyon para sa Pinansiyal na Tulong:

- Sa website ng Hilo Medical Center sa ilalim ng [Insurance & Billing](#) (Seguro at Paniningil).
- Sa lugar ng rehistrasyon sa aming mga Kinatawan para sa Akses ng Pasyente (kabilang ang rehistrador ng departamento ng emerhensiya), o sa alinman sa aming mga Opisina ng Tagapayo sa Pinansiyal na Bagay o Opisina ng Kahera.
- Kung makikipag-ugnayan kayo sa isang Tagapayo sa Pinansiyal na Bagay, ipadadala namin sa inyo sa fax, koreo o email ang isang kopya ng aming panukatan para sa Pinansiyal na Tulong at Form ng Aplikasyon.

Paano Kukuha ng Impormasyon at Tulong Hinggil sa aming Patakaran sa Pinansiyal na Tulong:

Para sa impormasyon hinggil sa aming Programang Pinansiyal na Tulong at Form ng Aplikasyon para sa

Pinansiyal na Tulong, mangyaring makipag-ugnayan sa aming Tagapayo para sa Pinansiyal na Bagay na makikita sa malapit sa Bulwagan ng aming pasilidad sa 1190 Waianuenue Avenue, Hilo, HI 96720 o tumawag sa 808-932-4347

Salamat at pinili ninyo ang Hilo Medical Center para sa inyong mga pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan, umaasa kaming mapaglilingkuran namin kayo sa hinaharap.